www.kidworship.kr

# Ang Pagbato kay Esteban

– 17th Story–



113Page

**NAR** Matapos ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus, ang mga apostol ay nang-aral ng salita ng Diyos nang mas masigasig at marami ang naniwala. Ang mga apostol ay pumili ng pitong kalalakihan na magiging responsable sa pangangalaga sa simbahan. Kabilang sa kanila ang isang tao na puno ng pananampalataya, na tinatawag na Esteban. Ang pangalang 'Esteban' ay nangangahulugang 'korona'.



114Page


**NAR** Si Esteban ay gumawa ng mga himala at kamanghamanghang mga bagay na nasaksihan mga tao – tulad ni Jesus, pinagaling niya ang mga maysakit at nagpalayas ng mga demonyo. At maraming tao ang sumunod kay Esteban.

**Sick Person 1** Esteban ~ ang aking binti ay sumasakit. Pagalingin mo ako!

**The Sick** Pagalingin mo ako Esteban! Ako ay may sakit din! (iyak)

**Stephen** Panginoon, maawa ka sa mga taong ito at pagalingin mo sila ~

**NAR** "Kaya ang mga maysakit ay nagsigaling. Sa pamamagitan ng karunungan ng Diyos, malinaw na ipinaliwanag ni Esteban ang salita ng Diyos sa mga tao. Kaya mas maraming tao ang sumunod kay Esteban."




115Page

**NAR** Isang araw, ilang mga tao, na naiinggit kay Esteban, ay nagsumbong ng kasinungalingan sa mga matatanda at tagapagturo ng Kautusan.

**Person 1** Si Esteban ay nagkukwento ng mga kasinungaling sa mga tao tungkol kay Moises at sa Diyos!

**Leader of the Jews** Ano?! Hulihin agad si Esteban madali!!

**NAR** Si Esteban ay dinala sa Sanhedrin. Si Esteban ay pinagmasdang mabuti ng lahat ng nakaupo sa Sanedrin, at nakita nila na ang kanyang mukha ay parang mukha ng anghel.



116Page

**Person 1** Narinig namin na nagsasalita si Esteban ng mga kalapastangan laban kay Moises at laban sa Diyos!

**People** Oo, totoo yun!

**NAR** Noong panahong iyon sa Judaismo, ang kaparusahan sa paglabag sa salita ng Diyos ay kamatayan sa pamamagitan ng pagbato. Nais ng mga taong galit at naiinggit kay Esteban na siya ay batuhin hanggang mamatay. Tinanong ng mga matatanda at tagapagturo ng Kautusan si Esteban:

**Leader of the Jews** Totoo ba and mga ibinibintang na ito sayo?

N A R Hindi natakot si Esteban. Nagsimula siyang mangaral ng salita ng Diyos nang may lakas ng loob.

Stephen Mga kapatid at mga ama, pakinggan ninyo ako! Si Jesus ay namatay sa krus para sa mga tao. Kayo na tumanggap ng kautusan ay hindi man lang sumusunod sa kanya at pinatay ninyo ang Anak ng Diyos na walang kas–alanan.

N A R Nang marinig ito ng mga tao, nagalit sila. Ngunit hindi natakot si Esteban.

..........................................................................................................



117Page

N A R Si Esteban, na puno ng Banal na Espiritu, ay tumingala sa langit at nag–salita:

Stephen Tignan nyo, nakikita kong bukas ang langit at si Jesus ay nakatayo sa kanan ng Diyos!

N A R Dahil dito, ang mga tao ay nagsigawan sa galit at sinugod si Esteban. Kinaladkad nila siya sa labas ng lungsod at pinagbabato!

Thrower 1 Sinungaling ka Esteban!! Etong sayo!!


Thrower 2 Nilalapastangan mo ang Diyos!

Thrower 3 Dapat lang sayo ang mamatay!!

N A R Lumuhod si Esteban at nanalangin.

Stephen Panginoon, tanggapin nyo po ang espiritu ko at wag nyo po silang papa–nagutin sa kasalanang ito!

..........................................................................................................



118Page

N A R Sa huli namatay si Esteban. Nangaral sya ng salita ng Diyos hanggang sa siya ay mamatay. Kaya si Esteban ang naging unang Kristianong pinatay dahil sa kanyang pananampalataya kay Jesus..